

Mga Serbisyo sa Paghahanap ng Trabaho at Pagsasanay

Nagtutulungan ang mga pang-estado at lokal na organisasyon para makapag-alok ng mga serbisyo sa trabaho at pagsasanay sa trabaho nang walang bayad sa pamamagitan ng mga lokasyon ng America's Job Center of CaliforniaSM (AJCC, Sentro ng Trabaho sa California ng Amerika).

Tinutulungan ng mga tagapayo sa career ng AJCC ang mga naghahanap ng trabaho na tukuyin ang mga interes, suriin ang mga kasanayan, at hanapin ang mga in-demand na trabaho at pagsasanay.

Mga Serbisyo ng AJCC:

- Access sa mga oportunidad sa edukasyon at pagsasanay sa trabaho na magbibigay-daan sa mga bagong landas sa career.
- Tulong sa paghahanap ng trabaho at sa resume, pag-refer sa trabaho, tulong sa pagkakatalaga sa trabaho, at pagtuturo sa career.
- Mga workshop na may kaugnayan sa trabaho at virtual na job fair.
- Mga tool sa pagtuklas ng career at impormasyon sa merkado ng paggawa.
- Mga silid ng dulugan na may mga computer na may internet, telepono, at fax machine.
- Access sa [CalJOBSSM](https://www.caljobs.ca.gov) (CalJOBS.ca.gov), ang online na dulugan sa trabaho ng California na may higit sa isang milyong posting ng trabaho mula sa higit sa 30,000 employer.
- Pag-refer sa mga pansuportang serbisyo, kasama ang tulong sa pangangalaga sa bata, utilidad, pabahay, at transportasyon.

Paano Hanapin ang Iyong Lokal na AJCC:

- Bumisita sa [CareerOneStop's American Job Center Finder](https://www.careeronestop.org/LocalHelp/service-locator.aspx) (careeronestop.org/LocalHelp/service-locator.aspx).
- Ilagay ang iyong lungsod, estado o Zip Code para hanapin ang iyong pinakamalapit na AJCC.

Inirerekomenda ang mga appointment dahil limitado ang mga serbisyong walk-in.

Nag-aalok ang karamihan sa mga AJCC ng mga virtual na serbisyo o serbisyo sa telepono o sa personal. Magkakaiba ang serbisyo at mga oras, at maaaring magbago ang mga ito. Mangyaring tumawag o mag-email sa iyong lokal na AJCC para kumpirmahin ang mga oras at pagiging available bago bumisita.

TANDAAN: Available sa karamihan sa mga AJCC ang pangkalahatang tulong sa pag-aapply para sa mga benepisyo sa unemployment insurance (UI, insurance sa kawalan ng trabaho). Hindi available sa mga AJCC ang tulong sa paglutas sa mga *umiiral* na claim sa kawalan ng trabaho.

Para sa partikular na tulong sa katayuan ng iyong claim sa UI, mag-log in sa [UI OnlineSM](https://www.edd.ca.gov) o tumawag sa 800-300-5616.